## Certificate in Biblical Studies
## BS200 Ang Mga Patriarchs

# CBS205 Jacob at Esau

**Conrad Jun Tolosa**

### *Jacob and Esau*

Ipinagdasal ni Isaac ang kanyang asawa dahil si Rebekah ay baog. Dininig ng Diyos ang kanyang panalangin at nagdalang-tao si Rebekah. Naramdaman ni Rebekah sa kanyang sinapupunan na para bagang may nagbubuno. Kaya lumapit si Rebekah sa Diyos at nagtanong kung ano ang nangyayari sa kanya. Ang sagot ng Panginoon ay ito: *Dalawang bansa ang nasa iyong sinapupunan, at dalawang bayan ang maghihiwalay mula sa iyo. Ang isang bayan ay magiging mas malakas kaysa sa isa, at ang panganay ay maglilingkod sa nakababata.*

At isinilang ang kambal. Nauna si Esau na mapula at mabalahibo. Sumunod si Jacob na lumabas na nakakapit sa sakong ni Esau. 60 years old si Isaac nang manganak si Rebekah. Samakatuwid si Abraham ay 160 years old na noon.

Lumaki ang kambal. Si Esau ay naging isang hunter at mahilig mamalagi sa kalawakan ng lupa. Kaya naman nakagiliwan siya ni Isaac na mahilig sa putahe na may kasamang laman ng hayop-ilang. Si Jacob naman ay makabahay at tahimik. Kaya naman siya ang nakagiliwan ng kanyang ina.

Minsan nagluluto si Jacob ng sopas nang dumating si Esau na gutom na gutom. Dali-daling humingi si Esau ng sopas. Ang kapalit ng ibibigay na pagkain ni Jacob ay ang karapatan ng panganay. Pumayag si Esau at sumumpa pa siya sa palitang iyon dahil ang pakiramdam niya sa mga sandaling iyon ay mamamatay na siya sa gutom. Binale-wala ni Esau ang kanyang karapatan bilang panganay.

Ang birthright noon ng panganay na ginagalang ng bayan ay ang dalawang bahagi ng mana ng panganay sa bawat isang bahagi ng mga nakababatang kapatid. Sa sambahayan ni Abraham kasama rito ang pagpapala ng pangako ng Diyos na pararamihin Niya ang mga inapo ni Abraham at ni Isaac. Kaya kung sino ang may birthright, sa kanyang angkan dadaloy ang pakikipagtipan ng Diyos kay Abraham. Sa Hebrews 12:16, binabalaan ang mga mananampalataya na huwag tularan si Esau. Sa ginawang pakikipagpalitan ni Esau ng kanyang birthright sa isang tasang sopas ay nagpapatunay ng kakulangan sa pagpapahalaga ni Esau sa pangako ng Diyos kay Abraham at kay Isaac.

Gaano kahalaga sa iyo na malaman ang mga spiritual blessings na mayroon tayo mula sa Diyos? Ang bagay bang ito ay iyong binibigyang pansin at ito ba ay iyong pinag-iisipan?

### *Blessings ni Isaac*

Matanda na si Isaac. Sobrang labo na ng kanyang mata. Tinawag niya si Esau at inutusan niya ito: Anak, hindi ko alam kung kailan ako mamamatay. Kunin mo ang iyong pana at palaso at maghunting ka sa kalawakan at ipagluto mo ako ng paborito kong putahe. Dalhan mo ako dito at ibibigay ko sa iyo ang aking blessing.

Narinig ni Rebekah ang sinabi ni Isaac kay Esau. Dali-dali niyang inutusan si Jacob na magkatay ng batang kambing para makapagluto siya ng caldereta na paborito ng kanyang asawa. Pagkatapos ay dalhin mo ito sa iyong tatay para makamtan mo ang kanyang blessing bago siya mamatay, ang bilin ni Rebekah.

Nag-alala si Jacob na baka hawakan siya ng kanyang tatay at mapansin na makinis ang kanyang balat, hindi tulad ni Esau na mabalahibo. Nang sa ganoon, sumpa ang kanyang tanggapin at hindi blessing. Sinabi ni Rebekah sa anak na sasaluhin niya ang sumpa kung ganoon nga ang mangyari, basta sumunod siya sa kanyang pinag-uutos.

Sumunod si Jacob sa pinag-utos ng kanyang ina. Pinasuot ni Rebekah kay Jacob ang damit ni Esau at binalutan niya ng balat ng kambing ang bisig at leeg ni Jacob. Pagkatapos ay pinadalhan niya kay Jacob ng caldereta si Isaac.

Natupad ang binalak ng mag-ina. Ibinigay ni Isaac ang blessing na ito kay Jacob:

> *Ipagkaloob sa iyo nawa ng Diyos ang hamog ng langit at ang kayamanan ng lupa - - kasaganaan ng palay at bagong saro. Paglingkuran ka nawa ng mga bansa at yumuko sa iyo ang mga bayan-bayan. Sumpain nawa ang susumpa sa iyo at pagpalain ang magpapala sa iyo.*

Matapos ma-bless ni Isaac si Jacob, dumating si Esau na dala ang niluto niyang paboritong putahe ng kanyang ama. Nanginig sa galit si Isaac nang mabisto niya ang panlilinlang na isinagawa ni Jacob. Malakas na panaghoy ang lumabas sa dibdib ni Esau. Kabaligtaran ng blessing ang nauwi sa kanya. Malalim ang galit na itinanim ni Esau laban sa kanyang kapatid. Inisip niya na ito ay patayin matapos ang lamay ng kanilang ama. Subalit, bago pa siya makakilos upang patayin ang kanyang kapatid, inutusan ni Rebekah si Jacob na lumisan sa kanilang lupa at magtungo sa kanyang kapatid na si Laban sa lupain ng Haran.

Alalahanin natin ang ginawa ni Rebekah nang siya ay nagdadalang-tao pa. Nang maramdaman niya na may kakaibang nangyayari sa kanyang sinapupunan, lumapit siya sa Diyos upang magkaroon ng kaliwanangan tungkol sa kanyang kalagayan. Ipinamamalas sa atin ng Bibliya ang pagiging makadiyos ni Rebekah. Subalit huwag nating kalimutan na gaano man kabanal ang isang tao, siya ay tao pa rin, at siya ay magkakasala at magkakasala pa rin. Ang ginawa niyang panlilinlang sa kanyang asawa ay mali, bagamat ang resulta ay ang pagkaiwas na mapunta sa maling kapatid and blessing na nagmumula sa Diyos.

***Multiple Choice:***

1. Ano ang matutunghayan natin sa paliwanag ng Diyos kay Rebekah nang nakakaramdam ito ng kahirapan sa kanyang pagbubuntis?
    a. Sa simula pa lang ay pagpapakita na ito na ang magkapatid ay magiging magkaaway habang-buhay.
    b. Ito ay pagpapahiwatig na bago pa man isilang ang kambal ay pinili na ng Diyos si Jacob na siyang magpapatuloy ng covenant Niya with Abraham.
    c. Ipanakita nito na ang mas bata sa kambal ay mas magiging malakas kaysa sa panganay.
    d. Wala sa choices.

2. Ang desisyon ni Esau na ipagbili ang kanyang birthright kay Isaac ay nagpapahiwatig na:
   a. mahalaga sa kanya ang *blessing but not the birthright*.
   b. ito ay *illustration* ng kanyang pagiging *ungodly* sapagkat inuna niya ang gutom binalewala ang *spiritual blessing* niya.
   c. gutom lang talaga siya at hindi na nakapag-isip ng tama.
   d. All of the above.

3. Ang blessings na tinatanggap natin mula sa Panginoon ay yaong mga material na mga bagay na ating nakikita at nagagamit.
   a. True
   b. False

4. Bakit ginawan ng paraan ni Rebekah na si Jacob ang makatanggap ng pagpapala sa halip na ang panganay na si Esau?
   a. Malinaw kay Rebekah ang sinabi ng Diyos noong kinausap siya ng Diyos noong nagbubuntis pa lang siya na si Jacob ang dapat makatanggap ng blessing ni Isaac.
   b. Sapagkat mahal at paborito ni Rebekah si Jacob.
   c. Both A and B
   d. Wala sa choices.

5. Sa kabila ng ating mga pagkukulang at pagkakamali:
   a. hindi na tayo magiging kagamit-gamit sa gawain ng Panginoon.
   b. maaari pa rin tayong maging asin at ilaw sa lugar na kung nasaan tayo dahil kay Cristo.
   c. wala na tayong silbi sa ating communidad.
   d. hindi tayo dapat ma-apektuhan.

© Revised May 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.